Eat Well, Live Well.

AJINOMOTO®

# AGP

## Ajinomoto Group Policies

Filipino

Pilipino

# MGA NILALAMAN


**Mensahe mula sa Pangulo** ........ 1

**Our Philosophy** ........ 2

**AGP (Ajinomoto Group Policies)** ........ 3

- Saklaw ng Pagpapairal ........ 4
- Pananagutan ng kumpanya ........ 4
- Hotline ........ 4
- Sinusuportahan din natin ang Pandaigdigang Kasunduan ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations Global Compact). ........ 5
- Aktibo nating isinasakatuparan ang mga tinataguyod nating gawain para sa tagumpay ng Sustainable Development Goals. ........ 5

1. **Mga Pangunguna upang Mapabuti ang Nutrisyon** ........ 6
2. **Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagkakaroon ng mga Produkto** ........ 7
3. **Ambag sa Pandaigdigang Kapaligiran at Pagpapanatili Nito** ........ 8
4. **Patas at Malinaw na mga Transaksyon** ........ 8
5. **Hakbang para sa Karapatang Pantao** ........ 10
6. **Pagsasanay saYamang-Tao at Pagtitiyak ng Kaligtasan** ........ 11
7. **Pakikipagtulungan sa Lokal na Komunidad** ........ 12
8. **Mga Pananagutan sa mga Stakeholder** ........ 13
9. **Pangangalaga at Pangangasiwa ng *mga Ari-arian ng Korporasyon at mga Impormasyon ukol dito*** ........ 14
10. **Malinaw na Pagkakaiba ng Negosyo at Personal na bagay** ........ 15
11. **Pagtatatag at Pagpapatupad ng Maayos na Pamamahala** ........ 16

- Pag-uulat ........ 17


## Mensahe mula sa Pangulo



Layunin ng Ajinomoto Group na mag-ambag sa pagkain at kaayusan ng mundo, at pabutihin ang buhay para sa hinaharap. Ito ang dahilan kaya natin itinataguyod ang simulain ng ASV (The Ajinomoto Group Creating Shared Value) – ang ating natatanging paraan sa paglutas ng mga suliraning panlipunan sa tulong ng ating komersyo at pagpapalago ng ating negosyo sa pamamagitan ng paglikha ng halaga katuwang ang lipunan at mga lokal na komunidad.


Ang pagtataguyod ng ASV ay nangagailangan ng pagtutulungan ng mga stakeholder, na maaari lamang mangyari kung pagbubutihin ng bawat isa sa Ajinomoto na matamo ang pagtitiwala ng lipunan. Dahil pinahahalagahan natin ito, pinagbuti natin ang mga alituntunin na nagsasalamin ng mga paniniwala at kaugalian ng mga kumpanyang kasapi sa Ajinomoto Group at ng mga empleyado nito, ang Ajinomoto Group Policies (AGP). Ang AGP ay kumakatawan sa ating pangunahing pandaigdig na pananaw, ganundin ng ating pamamaraan sa pangangasiwa ng kalakalan sa Ajinomoto Group nang tumatalima sa mga batas ng bawat bansa at rehiyong ating kinaroroonan, mga pandaigdigang patakaran tungkol sa "mga suliranin ng lipunan sa ika-21 siglo", at mga hangarin ng ASV.

Ang AGP ay ang ating gabay sa lahat ng ating mga gawain at nagsasaad ng kasulatang pangako sa mga stakeholder na ating paninindigan ang mga alituntuning nabanggit. Ang ating layunin ay maging isang tunay na pandaigdigan at natatanging kumpanya na pinagkakatiwalaan dahil pinaninindigan natin ang AGP sa lahat ng ating gawain.

Taro Fujie
Kinatawan ng Opisyal na Tagapamahala
Pangulo & Punong Tagapagpaganap, Ajinomoto Co., Inc.

## Our Philosophy / Ang Ating Pilosopiya

Mula noong itinatag ang Ajinomoto Group, patuloy tayong nakatuon sa mga nangungunang pamamaraan para makatulong na malutas ang mga isyu ng lipunan sa pamamagitan ng ating mga negosyo. Ang mga nangungunang pamamaraang ito ay nag-ambag sa paglago ng negosyo ng Ajinomoto Group sa pamamagitan ng pagpapabuti ng ekonomiya dulot ng pagbabahagi ng halaga sa lipunan at mga lokal na pamayanan. Tinatawag natin itong ASV (The Ajinomoto Group Creating Shared Value). Ang ASV ay nagsisilbing kaibuturan ng Ating Pilosopiya, Our Philosophy, ang paraan ng Ajinomoto Group upang makamit ang misyon at bisyon.




## AGP (Ajinomoto Group Policies)

Ang Ajinomoto Group Policies, o "AGP" ang kaibuturan ng ating ASV, Misyon at Bisyon. Ang mga patakarang ito ay nagtatakda ng mga paniniwala at pag-uugali na siyang pinagtutuunan ng bawat isa sa atin sa Ajinomoto Group. Ang mga patakarang ito rin ang siyang kasulatang pangako sa mga stakeholder natin na ating pagsusumikapan sundin at matupad ang mga nabanggit na paniniwala at pag-uugali.

Ang tsart sa ibaba ay naglalarawan ng kaugnayan ng bawat mahahalagang sangkap ng ating pilosopiya.

Ang ating *raison d'être*, misyon, at pagnanais bilang isang kumpanya na ating matiyagang pagpupursigihan.

**Ang ating misyon ay ang makapag-ambag sa pagkain at kaayusan ng mundo, at pagbutihin ang buhay para sa kinabukasan**

Ang layunin natin habang pinagsusumikapang matupad ang ating misyon

**Mag-ambag para sa mas higit na kabutihan ng mga tao sa mundo, sa pamamagitan ng kakayahan ng amino acids na lutasin ang mga isyu tungkol sa pagkain at kalusugan na may kaugnayan sa mga gawi sa pagkain at pagtanda.**

Pagdating ng 2030

- Matulungang magpahaba ng malusog na buhay ng 1 bilyong tao.
- Mabawasan ang epekto sa kapaligiran ng 50% habang napapabuti ang takbo ng Negosyo.

Mga pagkukusang naglilikha ng halaga sa lipunan at ekonomiya upang matupad ang ating misyon at bisyon

**Ang ASV ay kumakatawan sa ating walang-pagbabagong pangako: Kaakibat ng ating mga stakeholder at mga negosyo, tumutulong tayong mabigyan ng solusyon ang mga suliranin ng lipunan upang makalikha ng halaga sa ekonomiya**

Ang mga pinahahalagahan ng mga empleyado sa pagtupad sa ating misyon at bisyon; pangunahing pamamaraan at paninindigan sa pagtatrabaho

- **Lumikha ng mga Bagong Kapakinabangan**
- **Naisin na Laging Lumikha ng Bago**
- **Gumawa ng Kabutihan sa Lipunan**
- **Pahalagahan ang Tao**

Ang mga paniniwala at kaugalian na pinaninindigan ng bawat kumpanya ng Ajinomoto Group at bawat isa sa ating nagtatrabaho doon

## Saklaw ng Pagpapairal

Ang Ajinomoto Group Polices, o “AGP”, ay pinapairal sa lahat ng mga kumpanya ng Ajinomoto Group, sa kani-kanilang mga opisyal, at mga empleyado.

## Pananagutan ng kumpanya

- Ang mga kumpanya ng Ajinomoto Group ay nagbibigay-diin sa pagsunod sa AGP. Tinitiyak din ng mga kumpanyang ito na walang masamang maidudulot sa mga opisyal at manggagawa ang pagsunod sa pamantayang ito.
- Kinikilala ng pamunuan ng Ajinomoto Group ang kanilang tungkulin sa pangunguna sa pagsunod sa AGP. Tinitiyak din ng pamunuan na tumupad sila sa mga alituntuning ito sa loob ng kani-kanilang kumpanya at magtatag ng epektibong sistema ng pagtugon sa mga opinyon mula sa loob at labas ng kumpanya.
- Sa oras na magkaroon ng paglabag sa AGP, gaya ng paglabag sa batas o alituntunin, ang pamunuan ay inaasahang linawin sa mga stakeholder ang kanilang paninindigan sa paglutas ng isyu at mga kinakailangang hakbang upang malaman ang sanhi ng problema, at pag-iwas na muling mangyari ito.

## Hotline

- Ang mga kumpanya sa Ajinomoto Group ay nagtatakda ng mga paraan para sa mga empleyado na mag-ulat ng mga problema ayon sa “Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagsusumbong”, na nakalarawan sa Kabanata 11.
- Iiningatan at pinangangalagaan ng mga kumpanya sa Ajinomoto Group ang anumang impormasyon tungkol sa taong mag-uulat upang matiyak na ang pag-uulat na ito ay hindi makasama sa kanya.

- **Sinusuportahan din natin ang Pandaigdigang Kasunduan ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations Global Compact).**

  Hinihiling ng Pandaigdigang Kasunduan ng Nagkakaisang mga Bansa (United Nations Global Compact) sa mga kumpanyaang kumilos, gumawa at magpatibay sa abot ng kanilang makakaya, ng mga alituntunin na nagpapahalaga sa karapatang pantao, pamantayan ng paggawa, kapaligiran, at paglaban sa katiwalian.

**Karapatang Pantao** — **Ang bawat negosyo ay dapat:**

Simulain 1: sumuporta at kumilala sa mga pandaigdigang batas ng karapatang pantao; at

Simulain 2: tiyakin na hindi masasangkot sa anumang pang-aabuso sa karapatang pantao.

**Paggawa** — **Ang bawat negosyo ay dapat:**

Simulain 3: sang-ayunan at pagtibayin ang karapatan sa kalayaan ng pagsasamahan at sama-samang pananawaran;

Simulain 4: alisin ang lahat ng uri ng sapilitang paggawa;

Simulain 5: mabisang magtanggal sa pagpapatrabaho sa menor-de-edad; at

Simulain 6: mag-alis sa diskriminasyon na may kinalaman sa trabaho at okupasyon.

**Kapaligiran/Kalikasan** — **Ang bawat negosyo ay dapat:**

Simulain 7: sumuporta sa mga maingat na hakbang para harapin ang mga isyung pang-kalikasan;

Simulain 8: manguna sa paggawa ng mas malawak at malaking hakbang sa pagiging responsable sa kalikasan; at

Simulain 9: hikayatin ang pagbubuo at pamamahagi ng mga teknolohiyang hindi makasasama sa kalikasan.

**Laban sa Katiwalian** — **Ang bawat negosyo ay dapat:**

Simulain 10: kumilos laban sa katiwalian at sa anumang uri nito kabilang na ang mga panunuhol at pangingikil.

- **Aktibo nating isinasakatuparan ang mga tinataguyod nating gawain para sa tagumpay ng Sustainable Development Goals.**

  Ang Sustainable Development Goals (SDGs) ay ipinahayag sa 2030 Agenda for Sustainable Development na pinagtibay sa United Nations Summit noong Setyembre 2-15, kapalit ng Millenium Development Goals na binuo noong 2001. Ang SDGs ay binubuo ng 17 pandaigdigang layunin na napagkasunduan para sa mga taong 2016 hanggang 2030.

## 1. Mga Pangunguna upang Mapabuti ang Nutrisyon

1.1 Hangad nating tuunan ang pangangailangang nutrisyon ng mga tao sa iba't-ibang rehiyon, edad, pamumuhay, at kondisyon sa kalusugan, at maglaan ng mga produkto at kaalamang makakapagpabuti ng nutrisyon sa pang-araw-araw na pagkain.

1.2 Nag-aambag tayo sa emosyonal at pisikal na pagkain hindi lamang sa pamamagitan ng mga produktong nagbibigay ng nutrisyon, kundi sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng masasarap na pagkain, iba't-ibang putahe, matalinong pagluluto, at pagkain nang sama-sama.

1.3 Kumikilos tayo upang matulungan ang mga mamimili na mapabuti ang nutrisyon sa paghahain ng kumpletong impormasyon, produkto, at mga serbisyong batay sa malalim na pag-unawa ng mga lokal na kondisyon.

1.4 Nagbibigay tayo ng pagkakataong magkaroon ng masustansiyang pagkain sa pamamagitan ng mga produktong abot-kaya at naaangkop, at matutugunan ang pangangailangan ng mga mamimili sa bawat bansa.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Nutrisyon
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagkakaroon ng mga Produkto

## 2. Paglalaan ng Produkto at Serbisyong Ligtas at Mataas ang Kalidad

2.1 Patuloy tayong naglalayong unahing palagi ang ating mga tagatangkilik, at sa pamamagitan ng progresibong teknolohiya at pagkamalikhain, makagawa at makapagbigay ng ligtas at may mataas na kalidad na mga produkto at serbisyo.

2.2 Nagbibigay tayo ng wasto at nakatutulong na impormasyon tungkol sa ating mga produkto at serbisyo upang makuha at mapanatili ang tiwala ng mga mamimili, matugunan ang kanilang inaasahan, at matiyak ang kanilang kasiyahan.

2.3 Tinitiyak nating ang lahat ng ating pangangalakal at pag-aanunsiyo ay nagagawa nang may pagdinig sa boses ng mamimili at sa paraang responsable, lalo na kung para sa mga bata.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kalidad
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kaligtasan ng Pagkain
3. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Komunikasyon sa Pangangalakal
4. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Paglalarawan ng Pakete

## 3. Ambag sa Pandaigdigang Kapaligiran at Pagpapanatili Nito

3.1 Nagtatrabaho tayo kasama ang mga komunidad at mga mamimili upang magkakasama tayong mamuhay nang magkakasundo at upang mapanatili ang isang "lipunang nagreresiklo".

3.2 Hinihikayat natin ang bawat isang mahusay na gumamit ng anumang bagay at enerhiya at pagsumikapang mamuhay nang responsable sa kapaligiran.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kapaligiran
2. Napagkasunduang Patakaran tungkol sa Kapakanan ng mga Hayop

## 4. Patas at Malinaw na mga Transaksyon

4.1 Pinagsusumikapan nating maging patas at malinaw sa lahat ng ating mga transaksyon at mapanatili ang makatarungang gawi, nang may pagpapahalaga sa mga kasosyo sa negosyo.

4.2 Gumagawa tayo ng mga hakbang upang matiyak ang masusing pag-unawa at pagtalima sa mga panuntunan at batas na kaugnay sa patas na kompetisyon sa bawat bansa kung saan mayroon tayong negosyo. Hindi tayo makikipagsabwatan sa ating mga kakumpitensiya upang aregluhin ang presyo o benta/laki ng produksiyon upang limitahan ang kumpetisyon. Hindi tayo gumagamit ng mga di-makatarungang paraan upang puksain ang mga kakumpitensiya o harangan ang kanilang pagpasok sa merkado.

4.3 Kapag pumipili ng mga subcontractor at supplier, patas nating sinusuri at pinaghahambing ang mga bagay tulad ng presyo, kalidad at serbisyo. Hindi tayo nakikilahok sa mga gawaing makaka-agrabyado sa ating mga kasosyo sa pamamagitan ng pang-aabuso ng ating dominanteng posisyon.

4.4 Kaisa natin ang mga subcontractor at supplier sa ating pagsisikap na matupad ang mga pananagutan natin sa lipunan, kasama na ang pangangalaga sa kalikasan at karapatang pantao.

4.5 Sa pakikitungo sa ating mga mamimili at kasosyo sa negosyo, kumikilos tayo nang tapat at hindi nakikilahok sa di-naaakmang asal tulad ng pagbibigay ng di-nararapat na regalo, paglilibang, o salapi.

4.6 Hindi tayo nagbibigay ng regalo, paglilibang, salapi, o iba pang benepisyo bilang suhol para sa mga opisyal ng pamahalaan, lokal man o banyaga, o sinumang katumbas nila, sa anumang paraan. Pinapanatili natin ang maayos at normal na relasyon sa mga gobyerno at mga opisyal ng mga ito.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagkakaroon ng Gamit
2. Napagkasunduang Patakaran para sa mga Supplier
3. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pag-iwas sa Panunuhol
4. Napagkasunduang Patakaran ukol sa mga Gawaing Politikal at Politikal na Tulong

## 5. Hakbang para sa Karapatang Pantao

5.1 Namumuno tayo sa mga gawaing pangnegosyo ayon sa pag-unawa sa pandaigdigang karapatang pantao at paggalang sa mga pandaigdigang panuntunan na may kinalaman sa karapatang pantao.

5.2 Nakikipagtulungan tayo sa iba't ibang grupo upang maiwasan ang pagkakasangkot sa mga paglabag sa iba't ibang karapatang pantao.

5.3 Iginagalang natin ang mga pangunahing patakaran at karapatan sa trabaho tulad ng mga sumusunod: Tayo ay (a) kumikilala sa karapatan sa kalayaan ng pagsasamahan at sama-samang pananawaran; (b) nagbabawal sa lahat ng uri ng sapilitang paggawa; (c) nagbabawal sa mga bata na magtrabaho; at (d) hindi nagpapahintulot sa diskriminasyon sa trabaho.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Karapatang Pantao

## 6. Pagsasanay saYamang-Tao at Pagtitiyak ng Kaligtasan

6.1 Ginagawa natin ang lahat upang bigyan ng pagkakataon ang mga manggagawa na taglayin at magamit ang kanilang mga kasanayan at kakayahan sa isang pamamaraang gumagalang sa kanilang pagkakaiba-iba, karakter at pagkatao.

6.2 Tinatahak natin ang isang pandaigdigang pananaw sa ating mga gawain, binibigyang-diin ang pagtutulungan, ginagamit ang pagkamalikhain, at pinahahalagahan ang katangiang laging nagunguna, nang may pagsusumikap na makapagbigay ng kontribusyon sa pag-unlad ng Ajinomoto Group.

6.3 Sinusuportahan natin ang mga pagsisikap ng empleyado na magkaroon ng makabuluhang buhay at makapag-ambag sa kasaganahan ng lipunan sa pamamagitan ng patuloy na paglago ng Ajinomoto Group. Sa layuning ito, palagi nating sinisikap na paghusayin ang ating sarili sa pamamagitan ng mga bagong proyekto at programa.

6.4 Layunin nating magtaguyod sa lugar ng trabaho ng maginhawang kalagayan na magdudulot ng kasiyahan sa trabaho at magtataguyod ng mataas na antas ng pagiging produktibo.

6.5 Iginagalang natin ang batas at kultura ng bawat bansa at rehiyon kung saan mayroon tayong negosyo. Ipinagbabawal natin ang diskriminasyon laban kaninuman batay sa lahi, etnikong grupo, nasyonalidad, relihiyon, paniniwala, lugar ng kapanganakan, kasarian, edad, kapansanan, pagkatao ng LGBT, atbp.

6.6 Ginagawa at pinapanatili natin ang positibong kapaligiran sa mga pook-gawaan ayon sa malayang komunikasyon na ligtas sa anumang uri ng diskriminasyon at pang-aabuso, kung saan ang bawat isa ay gumagalang sa karangalang-pantao.

6.7 Itinuturing natin ang bawat tao at lugar ng paggawa, kaligtasan sa trabaho at kalusugan ng bawat manggagawa bilang isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng mga gawain ng korporasyon.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Yamang-Tao
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Kaligtasan sa Trabaho at Kalusugan

## 7. Pakikipagtulungan sa Lokal na Komunidad

7.1 Sinisikap nating gumawa ng mga makabuluhang ambag sa lipunan upang lumikha ng mga malulusog na mga pamayanan kung saan tayo'y nakikipagkalakalan at gayundin sa kabuuan ng mas malawak na lipunan. Tayo ay nakatuon sa pagpapaunlad ng ekonomiya, kultura at edukasyon ng bawat pamayanan kung saan mayroon tayong negosyo.

7.2 Bilang kasapi ng lipunan, tayo ay handang makilahok sa iba't-ibang gawaing pang-komunidad.

7.3 Kinikilala natin na ang bawat isa sa atin, bilang isang empleyado ng Ajinomoto ay kinatawan ng Ajinomoto Group sa tuwing nakikisalamuha tayo sa publiko, at dahil dito, ang ating mga galaw, sa lahat ng pagkakataon, ay ganap na ayon sa kamalayan sa pag-uugali ng isang lipunan.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagpapahusay ng Lokal na Pamayanan

## 8. Mga Pananagutan sa mga Stakeholder

8.1 Ginagawa natin ang lahat ng makakaya upang makapangasiwa nang maayos, makapagdulot ng tubo sa mga shareholder, at mapataas ang halaga ng kumpanya.

8.2 Ipinababatid natin ang anumang impormasyon sa ating mga stakeholder sa akmang panahon at angkop na pamamaraan, at tumutugon tayo nang patas at tapat sa kanilang mga inaasahan at pagtitiwalang ipinagkaloob sa atin.

8.3 Pinananatili at pinapatakbo natin ang isang wasto at epektibong sistema upang matiyak ang kredibilidad at katumpakan ng pinansyal na impormasyong ibinibigay sa mga stakeholder.

8.4 Hindi tayo nakikilahok sa mga ilegal na gawain gaya ng mga panloob na kalakalan (insider trading), kabilang na ang pangangalakal ng stock o iba pang pamumuhunan gamit ang mga impormasyong lingid sa publiko para sa mga kumpanya ng Ajinomoto Group at/o kasosoyo nito na nakalista sa publiko.

8.5 Tumutupad tayo sa mga batas pambuwis sa bawat bansa kung saan tayo may negosyo. Tumutugon tayo sa mga pagbabago sa sistema ng pagbubuwis at pangangasiwa at iniiwasan ang mga negatibong epekto ng buwis upang mapalaki ang halaga ng mga shareholder.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pandaigdigang Buwis
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagbibigay ng Impormasyon sa mga Stakeholder

## 9. Pangangalaga at Pangangasiwa ng *mga Ari-arian ng Korporasyon at mga Impormasyon ukol dito*

9.1 Mahigpit na pinangangalagaan at pinapangasiwaan natin ang mga maseselang impormasyon, gayundin ang lahat na mga ari-arian ng kumpanya, kasama ng mga lihim na kaalaman at intelektwal na ari-arian.

9.2 Kinikilala natin ang kahalagahan ng pangangalaga sa personal na impormasyon, at ang tamang pamamaraan sa pagkuha, paggamit at pagbibigay ng mga ito upang maiwasan ang di nararapat na paglabas ng impormasyon.

9.3 Kinikilala natin na ang ating pangalan at intelektwal na karapatan sa mga ari-arian ay mahahalagang pag-aari ng korporasyon at gagamitin ang mga ito sa isang angkop at tamang pamamaraan ayon sa mga batas at patakaran ng Ajinomoto Group.

9.4 Iginagalang natin ang karapatan sa pagmamay-ari ng ideya ng ibang partido.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pangangalaga ng Impormasyon
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagiging Pribado
3. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Intelektwal na Ari-arian

## 10. Malinaw na Pagkakaiba ng Negosyo at Personal na bagay

10.1 Gumagawa tayo ng mga hakbang upang matiyak na ang interes ng ating mga empleyado, maging ng kanilang pamilya, ay hindi kasalungat/katunggali sa interes ng Ajinomoto Group.

10.2 Ginagamit natin ang mga pag-aari ng korporasyon o impormasyon para lamang sa mga layuninng pangnegosyo at hindi para sa pansariling kapakanan.

10.3 Nauunawaan natin na ang mga pangnegosyong relasyon na naitatag ng mga empleyado ay mananatiling pag-aari ng kumpanya matapos magretiro ang mga empleyado.

10.4 Malinaw na kinikilala natin ang kaibhan ng pangkumpanyang paglalathala at ng personal na paglalathala gamit ang social media. Tayo ay mulat sa ating mga tungkulin at responsibilidad bilang kasapi ng Ajinomoto Group, kahit na gamit ang personal na impormasyon, at hindi gagawa ng mga bagay na maaaring makasira sa pangalan ng Ajinomoto Group, sa reputasyon nito, o sa alinmang ari-arian nito.

10.5 Tayo ay nakikilahok sa mga politikal na gawain bilang isang indibidwal lamang na may personal na paninindigan, at sa labas ng oras ng trabaho at sa labas ng pasilidad ng kumpanya lamang.

## 11. Pagtatatag at Pagpapatupad ng Maayos na Pamamahala

11.1 Itinatatag natin ang mga sistema ng pamamahala na nakaugat sa angkop na delegasyon ng mga panunungkulan at pananagutan gayundin ang pamamahala ng Grupo sa isang patas, malinaw at mahusay na paraan upang patuloy na madagdagan ang halaga ng ating korporasyon.

11.2 Ipinatutupad natin ang estratehikong pamamalakad at pagtutok sa mga sitwasyon ng panganib upang matiyak ang kahandaan sa pagtugon sa mga pampulitika, pangkabuhayan, at panlipunang mga problema tulad ng terorismo, cyber-attacks, at kapinsalaang dulot ng kalikasan.

11.3 Mahigpit nating iniiwasan ang anumang pagkakasangkot sa mga sindikato na banta sa pampamayanang kaayusan at kaligtasan. Bukod dito, tayo ay walang tinag na tumtutol sa mga sindikato at tumatanggi sa anuman at lahat ng di-nararapat na panghihingi.

11.4 Nagsasalita tayo kung tayo ay makakakita ng anumang uri ng pandaraya o paglabag sa mga batas at alituntunin sa AGP o sa lugar ng trabaho at sa negosyo. Sumasangguni tayo sa naaangkop na mga tagapamahala at ginagamit natin ang sistema ng pagsusumbong upang ilantad sa liwanag ang mga alalahanin at mga problema.

**Mga Napagkasunduang Patakaran (Group Shared Policies)**

1. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pamamahala
2. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pamamahala ng Panganib
3. Napagkasunduang Patakaran tungkol sa Pagkuwenta at Pananalapi
4. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pag-iwas sa Pandaraya at Pag-aaksaya
5. Napagkasunduang Patakaran ukol sa Pagsusumbong

**Idulog ang anumang mga katanungan tungkol sa mga Alituntunin ng Ajinomoto Group (AGP):**

Business Conduct Committee Secretariat's Office
Legal & Compliance Department
Ajinomoto Co., Inc.
Address: 15-1, Kyobashi 1-chome, Chuo-ku, Tokyo 104-8315 Japan

### Pag-uulat

- Bukod sa mga hotline na itinatag sa mga indibidwal na kumpanya, maaari ring mag-ulat sa mga nakatala sa ibaba.

**Panlabas na hotline mula sa loob ng Japan**

Telepono: 0120-783-805 (libreng tawag)
9:00-21:00 oras ng serbisyo
Kowd: 332 Pangalan: Ajinomoto Group
WEB: https://ml.helpline.jp/a-hotline
ID: hotline PW: ajinomoto

**Hotline para sa Lupon ng Tagapagsuri**

WEB: https://i365.helpline.jp/ajinomoto/k-hotline
Kowd: 332 Pangalan: Ajinomoto Group
ID: hotline PW: ajinomoto

Ang Hotline para sa Lupon ng Tagasuri ay pinapamahalaan ng mga kinatawan ng Lupon ng Tagapagsuri at limitado sa mga ulat tungkol sa pagpapatupad ng mga tungkulin ng mga opisyal. Depende sa laman ng ulat, ang Kalihim ng Pamamahala ng Negosyo ang maaaring umako ng panangutan tungkol dito.

**Panlabas na hotline mula sa labas ng Japan**

WEB: https://ml.helpline.jp/g-hotline
ID: hotline PW: ajinomoto

**Panloob na hotline para sa loob ng Japan: Secretariat of the Business Conduct Committe, AJICO**

TEL/FAX: +81-3-5250-8244 E-mail: hotline@asv.ajinomoto.com

**Ajinomoto Co., Inc.**
15-1, Kyobashi 1-chome, Chuo-ku,
Tokyo 104-8315 Japan
Tel: +81 (3) 5250-8111
URL: http://www.ajinomoto.com/en/

Eat Well, Live Well.

AJINOMOTO.

Itinatag Hulyo 1, 2018
Ikalawang Edisyon Hulyo 1, 2021